## Tala: 1

Myomectomy(includes abstract) Andrews J; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, November 2008; (patient education - procedure) CINAHL AN: 2010052397

Abstract: Ang myomectomy ay ang pagtanggal sa mga fibroid mula sa dingding ng matris. Ang mga fibroid ay mga tumor na hindi nagiging cancer.

View English

**Database:** Consumer Health Information -- Tagalog

# Myomectomy


**(Pagtanggal sa Fibroid Tumor, Pagtanggal sa Uterine Fibroid)**
ng: Pamatnugutan at Mga Nag-ambag

[View English Version]

## Kahulugan

Ang myomectomy ay ang pagtanggal sa mga fibroid mula sa dingding ng matris. Ang mga fibroid ay mga tumor na hindi nagiging cancer.

**Uterine Fibroid**




*© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.*

## Mga Sangkot na Bahagi ng Katawan

Matris

## Mga Dahilan para sa Proseso

Ginagawa ang myomectomy upang maibsan ang mga problemang dulot ng mga fibroid nang hindi ginagawa ang hysterectomy (pagtanggal sa matris). Kasama sa mga problemang ito ang:

- Pelvic pain
- Pananakit ng likod
- Puwersa sa pantog
- Di-normal na pagdurugo sa matris (madalas na humahantong sa anemia )
- Kahirapang magbuntis
- Kawalan ng ginhawa habang nakikipagtalik

## Mga Panganib para sa mga Kumplikasyon sa Panahon ng Proseso

- Stress

- Labis na katabaan
- Di-magamot-gamot o kamakailan lamang na sakit
- Labis na paggamit ng alak
- Paninigarilyo
- Paggamit ng narkotiko o iba pang gamot na nakakapinsala sa utak
- Paggamit ng ilang mga nireresetang gamot, kabilang ang pampakalma ng kalamnan at sedatives, pangontra sa pagtaas ng presyon, insulin , beta-adrenergic blockers, mga gamot na pampalabnaw ng dugo, at cortisone
- Diabetes

**Anong Maaasahan**

## Bago ang proseso

Malamang na gagawin ng iyong doktor ang mga sumusunod:

- Eksaminasyong pisikal
- Pag-aralan ang mga gamot
- Pagsusuri sa dugo
- Dilation and curettage (D&C) —pagtanggal ng tissue mula sa panloob na balat ng matris (endometrium)
- X-rays ng tiyan
- Barium enema —isang serye ng mga x-ray na ginagawa pagka-iniksiyon ng sustansiyang naglalaman ng barium sa pamamagitan ng puwet
- Intravenous pyelogram —mga x-ray ng mga bato, ureters, at pantog pagka-iniksiyon ng contrast medium sa peripheral vein

Dapat mong talakayin ang mga sumusunod sa iyong doktor:

- Ang posibilidad na maaaring matagpuan ang mga palatandaan ng malignant cancer sa matris habang ginagawa ang operasyon at kung anong hakbang ang gusto mong gawin ng doktor kung ganito nga ang kaso
    - Ang isang pagpipilian ay ang pagtanggal sa matris habang ginagawa ang prosesong ito. (Humigit-kumulang 1 sa 200 na mga babaeng may mga fibroid ay natutuklasang mayroong malignant uterine cancer .)
- Kung kailangan mong pag-isipan ang hormone treatment nang 2-4 buwan bago ang operasyon
    - Pinapaliit ng paggamot na ito ang mga fibroid, nagpapadali sa pagtanggal at binabawasan ang panganib ng sobrang pagkawala ng dugo habang ginagawa ang operasyon.
- Kung kailangan mong pag-isipan ang pag-iimbak ng iyong sariling dugo bago ang operasyon, dahil sa panganib ng sobrang pagkawala ng dugo habang ginagawa ang operasyon

Sa mga araw palapit sa iyong proseso:

- Huwag uminom ng aspirin, mga produktong may lamang aspirin, o mga gamot kontra pamamaga (gaya ng ibuprofen nang isang linggo bago ang proseso.
- Ayusin ang sasakyan patungo at pabalik mula sa ospital.
- Huwag kumain o uminom bago ang operasyon nang hindi kukulangin sa walong oras.

## Anesthesia

- Open surgery—ibinibigay ang general anesthesia sa pamamagitan ng iniksiyon at paglanghap
- Laparoscopic surgery —ibinibigay ang general anesthesia sa pamamagitan ng iniksiyon at paglanghap o local anesthesia

## Paglalarawan sa Proseso

May iba't ibang paraan ng pagtanggal sa mga fibroid tumor mula sa matris. Ang dalawa sa pinakamadalas gamitin ay open surgery at laparoscopic surgery.

## Open Surgery

Ang catheter ay ipapasok sa matris. Ang asul na tinta ay iiniksiyon upang mantsahan ang uterine cavity. Pinapadali nito ang paghahanap ng (mga) fibroid. Ginagawa ang isa o higit pang mga hiwa sa ibabang bahagi ng tiyan. Pinaghihiwalay ang mga kalamnan at ginugupit ang nagdurugtong na tissue upang ilantad ang matris. Tinatanggal ng operasyon ang fibroid. Sa mga ilang kaso, ang Pitressin, isang gamot na nagiging sanhi ng paghinto ng suplay ng dugo nang hanggang 20 minuto, ay iniiksiyon muna sa fibroid. Binababawasan nito ang pagdurugo kung ito ay natanggal.

Pagkatanggal ng mga fibroid, ginagawa ang di-pangkaraniwang pag-iingat upang tahiin ang bawat patong ng tissue sa matris. Iniiwasan nito ang mga pamumuo ng dugo, labis na pagdurugo, at impeksiyon. Tinatanggal ang mga kagamitan sa operasyon, tinatahing muli ng malalaking tahi ang mga kalamnan sa tiyan, at isinasara ang hiwa ng mga tahi o pang-ipit.

## Laparoscopic Surgery

Ang catheter ay ipapasok sa matris. Ang asul na tinta ay iiniksiyon upang mantsahan ang uterine cavity. Pinapadali nito ang paghahanap ng (mga) fibroid. Ginagawa ang maliit na hiwa sa pusod, at ipinapasok ang laparoscope sa matris. Ang laparoscope ay isang specialized endoscope, na isang tubong fiberoptic na nakakabit sa viewing device. Ginagamit ito upang masuri ang tiyan.

Ginagawa ang dalawa o tatlong karagdagang mga maliliit na hiwa sa tiyan. Ipinapasok ang special laparoscopic tools sa mga hiwang ito. Gamit ang laparoscope, hahanapin ng siruhista ang bawat fibroid at tatanggalin ito. Sa mga ilang kaso, ang Pitressin, isang gamot na nagiging sanhi ng paghinto ng suplay ng dugo nang hanggang 20 minuto, ay iniiksiyon muna sa fibroid. Binababawasan nito ang pagdurugo kung ito ay natanggal. Pagkatanggal ng mga fibroid, ginagawa ang di-pangkaraniwang pag-iingat upang tahiin ang bawat patong ng tissue sa matris. Iniiwasan nito ang mga pamumuo ng dugo, labis na pagdurugo, at impeksiyon. Tinatanggal ang mga kagamitan at isinasara ng mga tahi o pang-ipit ang hiwa.

## Pagkatapos ng Proseso

Dadalhin ka sa postoperative area, susubaybayan para sa mga kumplikasyon, at bibigyan ng intravenous fluids at mga gamot. Sa oras na normal na ang iyong vital signs (kadalasan sa loob ng 2-3 oras) ililipat ka sa isang kuwarto sa ospital, o, kung isinagawa ang laparoscopic surgery, pauuwiin ka.

## Gaano Katagal Ito?

1-2 na oras

## Masakit Ba?

Pinipigilan ng anesthesia ang sakit habang inooperahan. Gayunpaman, asahan mo ang pananakit ng tiyan o kawalan ng ginhawa nang 7-10 araw pagkatapos ng open surgery, at mas maikling panahon (malamang 3-4 araw) pagkatapos ng laparoscopic surgery.

## Mga Posibleng Kumplikasyon

Bihira ang mga kumplikasyon sa myomectomy. Kasama dito ang:

- Labis na pagdurugo
- Anemia at/o pangangailangan ng pagsasalin ng dugo dahil sa sobrang pagkawala ng dugo

- Impeksiyon sa sugat ng operasyon
- Pagbabalik ng mga fibroid tumor
- Pagbubukas ng matris o bituka habang ginagawa ang operasyon
- Maaaring humina ang dingding ng matris kapag tinanggal ang malaking fibroid na nag-iiwan ng malaking sugat
- Masamang reaksiyon sa anesthesia
- Pangangailangan ng mga natatanging pag-iingat sa pagbubuntis (halimbawa, maaaring kailangang manganak sa pamamagitan ng cesarean section )
- Pelvic adhesions na maaaring magdulot ng pananakit at/o pagbabara sa bituka
- Ebidensya ng cancer na natagpuan habang ginagawa ang operasyon, na mangangailangan ng pagtanggal sa matris
- Malubhang pagpepeklat, na nagreresulta sa pagkabaog

## Karaniwang Pananatili sa Ospital

- Open surgery—2-3 araw
- Laparoscopic surgery—magdamag

## Pag-aalaga Pagkatapos ng Operasyon

- Gumamit ng sanitary pads o mga pasador upang panipsip ng dugo (maliban kung iba ang ibinilin ng iyong siruhista).
- Igalaw at itaas ang mga binti habang nagpapahinga sa kama. Babawasan nito ang panganib ng pamumuo ng dugo sa malalalim na ugat .
- Huwag iinumin ang niresetang gamot sa pananakit nang higit sa pitong araw. Pagkatapos ng pitong araw, uminom ng hindi nireresetang pantanggal ng pananakit gaya ng ibuprofen.
- Maligo o mag-shower na tulad ng dati. Hugasan nang dahan-dahan ang bahagi ng sugat sa pamamagitan ng banayad na sabon hanggang sa ito ay ganap na gumaling.
- Huwag magmaheno nang dalawang linggo pagkatapos ng open surgery, at 4-7 araw pagkatapos ng laparoscopic surgery.
- Iwasan ang nakakapagod na ehersisyo nang anim na linggo pagkatapos ng open surgery, at dalawang linggo pagkatapos ng laparoscopic surgery.
- Huwag munang makipagtalik hanggang sabihin ng iyong doktor na ligtas na ito.
- Upang pabilisin ang paggaling, bumalik sa normal na mga gawain (kabilang ang trabaho) kapag nakakaya mo na.

**Resulta**

Ang ganap na paggaling mula sa operasyon ay nagtatagal ng humigit-kumulang 4-6 linggo pagkatapos ng open surgery, at 2-4 linggo pagkatapos ng laparoscopic surgery. Maaaring mas malakas kaysa karaniwan ang unang regla pagkatapos ng operasyon.

Sa walumpung porsiyento ng pagkakataon, tagumpay na nakokontrol ng prosesong ito ang mga sintomas na dulot ng mga fibroid tumor. Maaaring kabilang dito ang pagbalik sa normal na panahon ng pagreregla at ang kakayahang magbuntis, maliban kung tinanggal ang matris.

**Tawagan Ang Iyong Doktor Kung Mangyayari Ang Alin Man sa Mga Sumusunod**

- Mga sintomas ng impeksiyon, kasama na ang lagnat at labis na panlalamig
- Pamumula, pamamaga, pagtindi ng sakit, labis na pagdurugo, o paglabas ng likido o nana sa hiwa o sugat
- Labis na pagdurugo sa puwerta (pinupuno ang higit sa isang pasador kada oras) pagkatapos ng operasyon
- Labis na paglabas ng likido mula sa puwerta na nagpapatuloy isang buwan pagkatapos ng operasyon

- Mabaho ang lumalabas sa puwerta
- Matinding pananakit ng tiyan
- Mga sakit sa ulo, pananakit ng kalamnan, pagkahilo , o pangkabuuang masamang pakiramdam
- Pagduduwal, pagtitibi , o pamamaga ng tiyan
- Bumabalik ang mga sintomas ng fibroid tumor pagkatapos ng operasyon
- Ubo , kahirapan sa paghinga, pananakit ng dibdib, labis na pagduduwal o pagsusuka
- Pananakit, paghapdi, pagkaramdam na ihing-ihi, o madalas na pag-ihi, o tuluy-tuloy na pagkakaroon ng madalas na pagdurugo sa ihi
- Bago, hindi maipaliwanag na mga sintomas

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

**Pagkukunan:** Consumer Health Information, EBSCO Publishing. November 2008
**Numero ng Item:** 2010052397